# Hepatitis A

## 1. Ano ang hepatitis A?

Ang Hepatitis A ay isang nakakahawang sakit sa atay (kumakalat nang tao sa tao) na dulot ng virus ng hepatitis A (mikrobyo). Maaaring tumagal ng ilang linggo ang mga katamtamang kaso habang maaaring tumagal ng maraming buwan ang mga malubhang kaso.



## 2. Paano kumakalat ang hepatitis A?

Kumakalat ang Hepatitis A sa pamamagitan ng paglalagay ng isang bagay sa iyong bunganga (bagay, pagkain, o inumin) na nahahawakan ang mga dumi ng isang taong mayroon nito. Maikakalat ang Hepatitis A sa pamamagitan ng:

- Nalilimutang hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos gumamit ng banyo o magpalit ng mga diaper
- Pagkakaroon ng sekswal na kontak sa (mga) kaparehang mayroon nito
- Pagkain o pag-inom ng nahawahan ng virus

## 3. Sino ang nanganganib para sa hepatitis A?

Ang mga taong walang tahanan ay ang mas nanganganib na makakuha ng hepatitis A. Makukuha ng sinuman ang hepatitis A, pero mas nanganganib ka kung ikaw ay:

- Naglalakbay o nakatira sa mga bansa kung saan karaniwan ang hepatitis A
- Nakatira kasama ang isang taong mayroong hepatitis A
- Gumagamit ng droga na pangpalibang
- Mga lalaking nakipagtalik sa mga lalaki
- Nagkaroon ng sekswal na kontak sa isang taong mayroong hepatitis A
- Walang tahanan

## 4. Ano ang mga sintomas ng hepatitis A?

Hindi lahat ay nagpapakita ng mga sintomas. Kung magkakaroon ng mga sintomas, karaniwang lumalabas ang mga ito 2 hanggang 6 na linggo pagkatapos magkaroon nito. Kabilang sa mga sintomas ang:

- Lagnat
- Nakakaramdam ng pagkapagod
- Kawalan ng ganang kumain
- Nasusuka
- Pagsusuka
- Pananakit ng tiyan
- Maitim na ihi
- Kulay-abong dumi
- Pananakit ng kasukasuan
- Paninilaw ng balat at mga mata

## 5. Paano nagagamot ang hepatitis A?

Kabilang sa paggamot ang pahinga, mabuting nutrisyon, mga likido, at medikal na pagsubaybay. Maaaring kailangan maospital ang ilang tao. Karamihan sa mga taong nagkakaroon ng hepatitis A ay lubos na gumagaling at walang matagalang pinsala sa atay. Mahalagang

### Sino ang dapat magpabakuna?

- Lahat ng bata na edad 1 taon
- Mga naglalakbay sa mga bansa kung saan karaniwan ang hepatitis A
- Pamilya at mga caregiver ng mga inampon mula sa mga bansa kung saan karaniwan ang hepatitis A
- Mga lalaki na nakipagtalik sa mga lalaki
- Mga gumagamit ng mga droga na pangpalibang
- Mga taong mayroong hindi gumagaling na sakit sa atay o hepatitis B o C
- Mga taong mayroong sakit sa pamumuo ng dugo
- Mga taong walang tahanan

CDCP-ACDC-0099-12 (09/19/17)

magpatingin sa isang doktor kung mayroon kang mga sintomas ng hepatitis A.

## 6. Paano maiiwasan ang hepatitis A?

Ang pinakamagandang paraan para maiwasan ang hepatitis A ay sa pamamagitan ng pagpapabakuna. Ligtas at epektibo ang bakuna. Pumunta sa opisina ng iyong doktor, o tumawag sa 2-1-1 para maghanap ng isang klinika o doktor sa lugar. Maiiwasan mo rin ang pagkalat ng hepatitis A sa pamamagitan ng paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig:

- Bago kumain o maghanda ng pagkain
- Pagkatapos gumamit ng banyo o magpalit ng mga diaper

### Para sa higit pang impormasyon:

**Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Los Angeles County,**
**(Los Angeles County Department of Public Health)**
http://www.publichealth.lacounty.gov/acd/Diseases/HepA.htm

**Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng California (California Department of Public Health)**
https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/OVHP.aspx

**Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)**
https://www.cdc.gov/hepatitis/hav/index.htm